


GABAY SA PAGKAKAKILANLAN NG MGA URI NG BUHAY-ILANG NA IKINAKALAKAL SA TIMOG-SILANGANG ASYA



Mga Nilalaman (1)

Ang gabay na ito ay inihanda ng TRAFFIC Southeast Asia upang tulungan ang mga kinauukulang nagpapatupad ng batas sa pagtukoy ng mga species ng buhay-ilang na karaniwang matatagpuan sa kalakal sa Timog-Silangang Asya. Ito ay isinagawa noong 2008 - 2011 at nagtatampok ng **98** pirasong pulyeto.

MGA DAGDAG KAALAMAN

Ang CITES at ang IUCN Red List

CITES Management at Scientific Authorities

Gabay sa Pagtitiyak ng mga CITES Permit

Palasukatan at Glosaryo

- * Karaniwang Paraan sa Pagpupuslit - Sa Katawan ng Tao
- * Karaniwang Paraan sa Pagpupuslit - Pagtatago sa Bagahé
- * Karaniwang Paraan sa Pagpupuslit - Pagtatago sa Kalakal
- * Karaniwang Paraan sa Pagpupuslit - Paghahalo sa Kahalintulad na Species
- * Karaniwang Paraan sa Pagpupuslit - Sa Ilalim ng Captive Breeding
- * Pagtukoy ng Mapanlinlang na Permit
- * Mga pangyayari kung saan ginagamit ang Mapanlinlang na Permit

*Hindi kasali sa bersyon na ito

MGA MAMMAL

<i>Bos gaurus</i> & <i>Bos javanicus</i>	Gaur at Banteng (Gaur & Banteng)
<i>Capricornis</i>	Kambing (Serow)
<i>Pantholops hodgsonii</i>	Tibetan Antelope (Tibetan Antelope)
<i>Saiga tatarica</i>	Saiga Antelope
Multi-tined Antlers	Sangang Sungay ng Usa
<i>Moschus</i>	Usa (Musk Deer)
Felidae (1)	Pamilya ng Pusa (Cats)
Felidae (2)	Pamilya ng Pusa Timog-Silangang Asya ng nakalista sa CITES Asian Cats App. I
Felidae (3)	Mga bahagi at deribatibong kadalasang makikita sa kalakal
Southeast Asian Otters	Mga Otter sa Timog-Silangang Asya
<i>Helarctos malayanus</i>	OSO (Sun Bear)
<i>Ursus thibetanus</i>	OSO (Asiatic Black Bear)
<i>Hemigalus derbyanus</i> & <i>Chrotogale owstoni</i>	Banded Palm Civet & Owston's Civet
<i>Prionodon pardicolor</i> & <i>P. linsang</i>	Spotted Linsang & Banded Linsang
<i>Arctictis binturong</i>	Binturong
Rhinocerotidae	Rhinoceros
<i>Manis</i>	Balentong, Balintong (Pangolin)
Primates	Unggoy, Tsonggo, Matsing (Primates and Monkeys)
<i>Nycticebus</i>	Mago (Lories)
<i>Macaca fascicularis</i>	Unggoy, Tsonggo, Matsing (Long-tailed Macaque)
<i>Elephas maximus</i> & <i>Loxodonta africana</i>	Elepante (Elephants)

MGA IBON

<i>Dendrocygna javanica</i> & <i>D. arcuata</i>	Lesser Wandering & Whistling Wandering Duck
<i>Leptoptilos</i>	Adjutant Storks
Bucerotidiformes	Kalaw (Hornbills)
<i>Copsychus malabaricus</i>	White-rumped Shama
Falconiformes	Mga Ibong Mandaragit (Birds of Prey)
<i>Pycnonotus zeylanicus</i>	Bulbul (Straw-headed Bulbul)
<i>Gracula religiosa</i>	Kiyaw, Kiao (Hill Mynah)
Psittaciformes	Loro, Perico, Picoy, Pikoy (Parrots)
<i>Cacatua</i>	Abukay, Katala, Kalangay, Kalabukay, Loro (Cockatoos)
<i>Probosciger aterrimus</i>	Palm Cockatoo
<i>Eos</i>	Mga Pikoy ng Indonesia (Indonesian Lories)
<i>Loriculus galgulus</i>	Colasisi, Kusi, Kolansi, Kolansisi (Blue-crowned Hanging Parrot)
<i>Lorius garrulus</i>	Pikoy (Chattering Lory)
<i>Lorius lory</i>	Pikoy (Black-capped Lory)
Strigiformes	Kuwago, Bukaw (Owls)

Mga Nilalaman (2)

MGA REPTILYA

<i>Crocodylia</i>	Balat ng Buwaya (Hides)
Alligators & Caiman	Alligator at Cayman (Alligator & Caiman)
<i>Crocodylus novaeguinea</i> & <i>C. mindorensis</i>	Buwaya (Philippine & New Guinea Crocodiles)
<i>Crocodylus porosus</i> & <i>C. siamensis</i>	Buwaya (Estuarine & Siamese Crocodiles)
<i>Tomistoma schlegelii</i>	Buwaya (False Gharial)
<i>Phelsuma</i>	Tuko (Day Geckos)
<i>Gekko gekko</i>	Tuko (Tokay Geckos)
<i>Varanus</i>	Bayawak (Monitor Lizards)
<i>Ptyas mucosus</i>	Ahas, Ulupong (Oriental Rat Snake)
<i>Ophiophagus hannah</i> , <i>Naja</i>	Kobra, King Kobra, Ahas, Ulupong, Tres Kantos (Cobras)
Pythonidae	Sawa (Pythons)
<i>Carettochelys insculpta</i>	Labe (Pig-nosed Turtle)
<i>Chelus fimbriatus</i>	Pagong, Baó (Matamata Turtle)
Cheloniidae and Dermochelyidae	Pawikan (Marine Turtles)
<i>Eretmochelys imbricata</i>	Pawikan (Hawksbill Turtle)
<i>Batagur</i>	<i>Batagur</i>
<i>Geoclemys hamiltonii</i>	Pagong, Baó (Black Pond Turtle)
<i>Cuora</i>	Pagong, Baó (Southeast Asian Box Turtles)
<i>Leucocephalon yuwonoi</i>	Pagong, Baó (Sulawesi Forest Turtle)
<i>Platystemon megacephalum</i>	Pagong, Baó (Big-headed Turtle)
<i>Orlitia borneensis</i>	Pagong, Baó (Malaysian Giant Turtle)
<i>Siebenrockiella leytensis</i>	Pagong, Baó (Philippine Forest Turtle)
<i>Trachemys scripta elegans</i>	Pagong, Baó (Red-eared Slider)
Testudinidae	Pagong, Baó (Tortoises)
<i>Astrochelys (Geochelone) radiata</i>	Pagong, Baó (Radiated Tortoise)
<i>Astrochelys yniphora</i>	Pagong, Baó (Ploughshare Tortoise)
<i>Chelonoidis (Geochelone) carbonaria</i>	Pagong, Baó (Red-footed Tortoise)
<i>Geochelone elegans</i>	Pagong, Baó (Indian Star Tortoise)
<i>Geochelone platynota</i>	Pagong, Baó (Burmese Star Tortoise)
<i>Geochelone (Stigomochelys) pardalis</i>	Pagong, Baó (Leopard Tortoise)
<i>Geochelone (Centrochelys) sulcata</i>	Pagong, Baó (African Spurred Tortoise)
<i>Indotestudo elongata</i>	Pagong, Baó (Yellow-headed Tortoise)
<i>Malacochersus tornieri</i>	Pagong, Baó (Pancake Tortoise)
<i>Manouria emys</i>	Pagong, Baó (Asian Brown Tortoise)
<i>Manouria impressa</i>	Pagong, Baó (Impressed Tortoise)
<i>Amyda cartilaginea</i>	Pagong, Labi-labi (Asiatic Softshell)
<i>Chitra</i>	Pagong, Baó (Narrow-headed Softshell Turtles)
<i>Pelochelys</i>	Pagong, Baó (Giant Softshell Turtles)
<i>Pelodiscus sinensis</i>	Pagong, Labi-labi (Chinese Softshell Turtle)

MGA AMPHIBIANS

Dyscophus antongilii Tomato Frog (Tomato Frog)

MGA ISDA

Scleropages formosus Arowana (Asian Arowana)
Cheilinus undulatus Mameng (Humphead Wrasse)
Hippocampus Kabayo-kabayohan (Seahorses)

MGA INVERTEBRATES

Tridacnidae Giant Clams (Giant Clams)

MGA HALAMAN

Nepenthes spp. Inumang Kalaw (Pitcher Plants)
Orchidaceae (1) Mga Orkidya, Sanggumay (CITES Appendix I species)
Orchidaceae (2) Mga Orkidya, Sanggumay (Identification of Wild Orchids)
Gonystylus Ramin

Ang CITES at IUCN Red List

CITES

Ang CITES (Convention on International Trade in Endangered Species of Wild Fauna and Flora) ay isang internasyunal na kasunduan sa pagitan ng mga pamahalaan (miyembrong Estado). Layon nitong masigurado na ang internasyunal na kalakalan sa mga ispesimen ng ilang na mga hayop at halaman (o mga parte at deribatibo nito, tumutukoy sa lahat ng bagay na gawa mula dito o sa alinmang parte ng katawan nila) ay hindi naglalagay sa mga ito sa panganib.

Ang CITES ay naisasagawa sa pamamagitan ng pagkontrol sa internasyunal na kalakalan ng mga ispesimen ng mga piling species. Ang lahat ng pag-aangkat, pagluluwas, pagluluwas muli at pagpapalaganap sa alin man sa 30,000 species na nasasakop sa Convention ay kinakailangang awtorisado sa pamamagitan ng sistema ng paglilisensiya. Ang mga hayop at halaman na nakapaloob sa CITES ay nakalista sa isa sa tatlong Appendices, at nangangahulugang ang pagkalakal sa mga ito ay kontrolado sa pamamagitan ng isang sistema ng lisensiyang alinsunod sa mga pamantayan:

Ang **Appendix I** ay kinabibilangan ng mga species na nanganganib ng malipol. Ang pagkalakal sa mga ito ay pinapayagan lamang sa bibihirang pagkakataon.

Ang **Appendix II** ay kinabibilangan ng mga species na ang hindi kontroladong pagkalakal sa kanila ay maaaring maglagay sa mga ito sa panganib ng pagkalipol. Ang mga species na ito ay hindi kinakailangang nakalista na nanganganib sa ngayon.

Ang **Appendix III** ay kinabibilangan ng mga species na protektado sa kahit isang bansa na humiling sa ibang miyembrong Estado ng tulong na kontrolin ang pagkalakal dito.

Ang ispesimen ng species na nakalista sa CITES ay maaari lamang angkatin o iluwas (o iluwas muli) palabas ng miyembrong Estado kung ang mga akmang dokumento ay nakuha na at maipapakita upang makakuha ng pahintulot sa mga port of entry o exit. Sa ibang mga pangyayari, ang mga batas nasyunal ay mas mahigpit at ito ang dapat na masusunod sa ganitong pagkakataon.

Ang mga karagandang impormasyon ay matatagpuan sa www.cites.org.

IUCN Red List of Threatened Species

Sa humigit-kumulang 40 taon, ang IUCN sa pamamagitan ng Species Survival Commission (SSC) ay tinatasa ang antas ng pangangalaga sa mga species, subspecies, varieties at kahit mga piling subpopulation sa buong mundo upang maitampok ang mga species na nanganganib ng malipol.

Ang IUCN Red List of Threatened Species ay nagbibigay ng taksonomiko, antas ng pangangalaga at impormasyon sa distribusyon ng mga hayop at halamang nasuri na. Ang itinalagang Kategoriya at Kriterya ay idinisenyo upang malaman ang kaugnay na panganib ng pagkalipol sa mga ito.

Ang mga species na nakalista bilang CR (Critically Endangered), EN (Endangered) at VU (Vulnerable) ay may mas mataas na antas ng panganib ng pagkalipol sa buong mundo kaysa sa mga species na nakalista bilang NT (Near Threatened) o LC (Least Concern).

Ang ibayo pang impormasyon ay matatagpuan sa www.redlist.org.

CITES Management at Scientific Authorities

Ang CITES ay naisasagawa sa pamamagitan ng pagkontrol sa internasyunal na kalakalan sa mga ispesimen ng piling species. Lahat ng pag-aangkat, pagluluwas, pagluluwas muli at pagpapalaganap ng alin mang species na nakapaloob sa Convention ay kailangang awtorisado ng sistema ng paglilisensiya. Ang bawat bansang miyembro ng CITES ay kailangang magtalaga ng isa o marami pang Management Authorities na siyang mamamahala ng paglilisensiya at isa o marami pang Scientific Authorities na magmungkahi sa kanila ng dulot ng kalakalan sa estado ng mga species.

MANAGEMENT AUTHORITY

Terestriyal na species

Protected Areas and Wildlife Bureau (PAWB)
Ninoy Aquino Parks and Wildlife Center
Quezon Avenue, Diliman, Quezon City
Tel: (+632) 924-6031 to 35; Telefax: (+632) 924-0109
Website: www.pawb.gov.ph

Pandagat at akwatikong mga species

Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR)
2nd Floor PCA Annex Building, Diliman, Quezon City
Tel: (+632) 929-3118
Website: www.bfar.da.gov.ph

Lahat ng species sa lalawigan ng Palawan

Palawan Council for Sustainable Development (PCSD)*
Head Office: PCSD Bldg. Sports Complex Rd., Sta Monica Heights, Puerto Princesa, Palawan
Tel: (+6348) 434-4234/ 434-4235; E-mail: oed@pcsd.ph

Metro Manila Field Services Office: Unit 403 &44, The One Executive Office Bldg., West Ave., cor Col. Martinez St., Quezon City; Phone/Fax: (+632) 376-2060/ 376-2061
E-mail: pcsdsvsd@compass.com.ph

SCIENTIFIC AUTHORITY

1. Ecosystems Research and Development Bureau (ERDB)
University of the Philippines-Los Baños, College, Laguna
Tel: (+6349) 536-2269/ 536-2229; Fax: (+6349) 536-2850;
E-mail: erdb@denr.go.ph
2. National Museum of the Philippines (NMP), Old Congress Building, Padre Burgos St., Manila. Tel: (+632) 527-1215;
Fax: (+632) 527-0306; E-mail: nmuseum@i-next.net
3. University of the Philippines, Institute of Biological Sciences, UPLB, College, Laguna. Tel: (+6349) 536-2893; Fax: (+6349) 536-2517;
E-mail: ibs@uplb.edu.ph

1. University of the Philippines, Marine Science Institute, College of Science, Velasquez Street, Diliman, Quezon City
Tel: (+632) 922-3959; E-mail: admin@upmsi.ph
2. University of the Philippines - Visayas, UP in the Visayas, Main Administration Building, UPV Miagao Campus, Miagao, Iloilo 5023.
Tel: (+6333) 338-1534/ 508-4164; Fax: 315-9631/315-9632
Email: webmaster@upv.edu.ph
3. Silliman University, Dumaguete City, Negros Oriental
Tel: (+6335) 422-6002

(Tutukuyin pa ng PCSD)

*Hindi pa gumagalaw bilang CMA ngunit tinukoy na sa ilalim ng Republic Act 9147. Ang PAWB at BFAR ang gumaganap ng mga tungkulin ng PCSD bilang CMA para sa terestriyal at pandagat/akwatikong yaman, ayon sa pagkakasunod-sunod nito, hanggang ito ay handang gampanan ng PCSD.


GABAY SA PAGTITIYAK NG MGA CITES PERMIT

CITES permit na kasama ng kalakal

APPENDIX I
Permit sa Pagluluwas o Pagluluwas Muli at Permit sa Pag-aangkat

APPENDIX II
Permit sa Pagluluwas o Pagluluwas Muli

APPENDIX III
Permit sa Pagluluwas o Sertipiko/Katibayan ng Pinagmulan




PAHIHINTULUTAN **

* kung saan akma (hindi lahat na mga bansa ay gumagamit ng selyo ng CITES)


**Alamin kung ang species ay nasasaklaw ng iba pang kundisyon na napapaloob sa CITES.

Palasukatan at Glosaryo

Pagsukat




Ang haba ng karapatsa ay sinusukat mula sa harapang bahagi ng itaas na bao, sa kahabaan ng likod hanggang sa likurang bahagi ng bao.



Ang kabuuang haba ay sinusukat mula sa dulo ng tuka hanggang sa dulo ng buntot.

Sa pagsukat, dahan-dahang ihiga ang ibon na nauuna ang likuran nito.

Glosaryo



Talukap:

Matigas o mabutong panlabas na balutian, kaliskis, sa bao ng pagong

Karapatsa:

Itaas na bahagi ng bao ng pagong na bumabalot sa likuran nito. Kadalasan nababalutan ng talukap (kaliskis) o malambot na balat

Baluti:

Ibang bahagi ng bao ng pagong na bumabalot sa tiyan.

Bos gaurus (now B. frontalis) & Bos javanicus - Gaur & Banteng

Gaur

Iba pang mga Pangalan: Seladang (Malaysia), Pyoung (Myanmar)

Distribusyon: Bangladesh; Bhutan; Cambodia; India; Lao PDR; Malaysia; Myanmar; Nepal; Thailand; at Viet Nam

Mga Katangiang Pisikal: Taas sa balikat: 165 - 220cm, Haba ng ulo at katawan: 250 - 330cm, Haba ng buntot: 70 - 105cm, Bigat: 650 - 1,000kg

Banteng

Tsaine (Myanmar)

Cambodia; Indonesia; Lao PDR; Malaysia; Myanmar; Thailand; at Viet Nam

Taas sa balikat: 120 - 190cm, Haba ng ulo at katawan: 180 - 225cm, Haba ng buntot: 65 - 70cm, Bigat: 400 - 900kg


Estado ng Internasyunal na Konserbasyon:^a

Gaur: CITES Appendix I

IUCN: Gaur VU; Banteng EN

Nasyunal na Proteksiyon sa Pilipinas: Republic Act 9147 (Wildlife Resources Conservation and Protection Act of 2001)

Mga Katangian sa Pagkakakilanlan: *Bos gaurus (B. frontalis) - Gaur*




Ang katawan ay matingkad na kulay kape, itim o abo. Ang ibabang bahagi ng paa ay puti

Haba ng sungay: ≤ 95 cm
Tikop ng sungay: ≤ 56 cm



Larawan: Claire Beasall

Bos javanicus - Banteng




Ang katawan ay maitim na kulay kape hanggang itim (lalaki), o mapusyaw na kulay kape (babae). Ang ibabang bahagi ng paa at puwitan ay puti



Batang lalaking Banteng
Larawan: Mark Auliya/TSEA

Haba ng sungay: ≤ 87 cm
Tikop ng sungay: ≤ 48 cm

Ikinakalakal bilang: Sungay at mga buto, karne.



Mga binibentang sungay
Larawan: TRAFFIC SEA

A: Mga sungay ng Banteng
B: Mga sungay ng Gaur




Mga binibentang sungay ng Gaur
Larawan: TRAFFIC SEA



Mga binibentang sungay ng Banteng
Larawan: TRAFFIC SEA

Kahalintulad ng:


Bubalus arnee - Kalabaw



May mga uka

Haba ng sungay: ≤ 149 cm
Tikop ng sungay: ≤ 58 cm

Bos taurus - Baka



CITES Appendix II *Budorcas taxicolor - Takin*



Haba ng sungay: ≤ 63.5 cm
Tikop ng sungay: ≤ 33 cm

^aImahe mula sa: Environment Canada

^aTingnan ang kasalukuyang estado ng konserbasyon sa www.cites.org at www.iucnredlist.org

Lahat na mga larawan mula kay: Mark Auliya/TSEA

Capricornis spp. - Serow

Kambing

Iba pang mga Pangalan: Kambing Gurun (Malaysia), Taw sai (Myanmar)

Distribusyon: Bangladesh; Bhutan; Cambodia; Tsina; India; Indonesia (Sumatra); Japan; Lao PDR; Malaysia; Myanmar; Nepal; Taiwan; Thailand; at Viet Nam

Mga Katangiang Pisikal: Haba ng ulo at katawan: 140 - 155cm; Taas sa balikat: 85 - 94cm; Haba ng buntot: 11 - 16cm; Haba ng sungay: 15 - 25.5cm

Estado ng Internasyunal na Konserbasyon:

Lahat ng species ng *Capricornis* ay nakalista sa:

CITES APPENDIX I,

(maliban sa *C. crispus* - Japanese Serow at *C. swinhoei* - Formosan/Taiwanese Serow)

IUCN: Iba-iba, **LR - VU** (hindi lahat nakalista)

Nasyunal na Proteksiyon sa Pilipinas:

Republic Act 9147 (Wildlife Resources Conservation and Protection Act of 2001)



Larawan: Claire Beastall

Mga Katangiang sa Pagkakakilanlan:



Larawan: Claire Beastall

Kapansin-pansing glandula sa ilalim ng mata



Larawan: Claire Beastall

- Mahaba ang tainga,
- Maiksi ang leeg, makapal at matigas ang balahibo sa batok, mula sa tuktok hanggang sa balikat (maaaring kulay kape o puti).
- Ang balahibo ay magaspang at iba-iba ang kulay: kape-abo-itim, mapula-pula
- Ang tiyan ay maaaring mas mapusyaw ang kulay



Larawan: Chris Shepherd/TSEA

Ikinakalakal bilang: Kadalasan, mga parte ng katawan (sungay, ulo, unahang paa, at iba pa) para sa gamot at bilang karne.



Sungay ng Serow

Larawan: Chris Shepherd/TSEA



Sungay ng Serow

Larawan: Chris Shepherd/TSEA



Pagkuha ng langis sa ulo at paa

Larawan: Chris Shepherd/TSEA



Balat ng Serow

Larawan: Chris Shepherd/TSEA



Ulo ng Serow

Larawan: Chris Shepherd/TSEA



Pagkuha ng langis sa ulo at paa

Larawan: Chris Shepherd/TSEA

Kahalintulad ng:

Naemorhedus spp. - Goral

Lahat ay nakalista sa **CITES APPENDIX I**

Haba ng ulo at katawan: 82 - 130cm;


Taas sa balikat: 57 - 78.5cm;

Haba ng buntot: 7 - 20cm

Haba ng sungay: 7.8 - 12cm

- Mas maliit na katawan at sungay kaysa sa *Capricornis* spp.
- Walang kapansin-pansing glandula sa ilalim ng mata
- Kulay ng balahibo: abo hanggang itim na kulay kape o pula
- Tiyan at ilalim na bahagi: kadalasang mapusyaw

Distribusyon: Bhutan; Tsina; India; Myanmar; Korea; Lao PDR; Nepal Pederasyon ng Rusya at Thailand



Pantholops hodgsonii - Tibetan Antelope

Tibetan Antelope

Iba pang mga Pangalan: Chiru (English), Tsod (Tibetan), Zanglingyang (Chinese)

Distribusyon: China (Qinghai, Xingjiang); India (Jammu-Kashmir)

Mga Katangiang Pisikal: Taas sa balikat: Hanggang 85cm, Bigat: Hanggang 40kg

Estado ng Internasyunal na Konserbasyon:^a

CITES Appendix I

IUCN: EN

Nasyunal na Proteksiyon sa Pilipinas:

Republic Act 9147 (Wildlife Resources Conservation and Protection Act of 2001)




Larawan: Tony Lynam

Tandaan: Makipag-ugnayan sa mga dalubhasa upang matukoy ang pagkakakilanlan


Mga Katangian sa Pagkakakilanlan:

Ang mga produktong gawa sa balahibo ng Tibetan Antelope ay kilala sa tawag na **Shahtoosh**. Ang mga balabal na Shahtoosh ay mas malambot, manipis at hindi gaanong masinsin kaysa sa iba. Ipinapakita ito ng mga maglalako sa pamamagitan ng pagpasok ng balabal sa singsing.

- Karamihan ay manilaw-nilaw na puti at abuhing kulay gatas (ngunit maaari ring kulayan ng kahit anong kulay). Puti ang pinakamahal.
- Maaaring may inisyal ng mananahi sa panulukan
- Kadalasan ito ay may pulidong burda sa buong bahagi o sa laylayan ng balabal
- Ang mga balabal ay karaniwang may mga maiiksing palawit sa laylayan
- Maaaring may pino ngunit kapansin-pansing disenyong diyamante ang paghabi (makikita gamit ang magnifying lens)



Larawan: WWF China




Larawan: US Fish & Wildlife



Larawan: US Fish & Wildlife

Ang shahtoosh ay gawa sa balahibo sa bahaging tiyan at walang mahahabang hibla ng balahibo - ngunit maaaring makakita ng maiiksing mapusyaw na "guard hairs" na mas magaspang kaysa sa buhok ng tao at kulot.



Ang sungay ng Chiru (sa mga lalaki lang makikita) ay kapansin-pansin. Imaha mula sa: Environment Canada

Ikinakalakang bilang: Balat at ipinoprosesong mga balabal. Minsan bilang sungay (bilang gamot rin).



Mga nakumpiskang balabal na Shahtoosh
Larawan: NRECD, Thailand



Mga pinalamutiang bungo at sungay ng Chiru
Larawan: WWF China

Kahalintulad ng:

- Pashmina na gawa sa balahibo ng kambing na Cashmere ay kamukha nito. Ngunit mas mura kaysa sa shahtoosh
- Maaaring kamukha nito ang shahtoosh: magaan, malambot, mayroon o walang padrong hugis diyamanteng habi. Ang mga balabal na maluwan ang pagkahabi ay maaaring naipapasok sa singsing dahil mas kakaunti ang hibla nito.
- Nakasanayan na na ang mga palawit sa balabal na pashmina ay mas mahaba at kadalasan ay pinilipit.



Larawan: US Fish & Wildlife



Larawan: US Fish & Wildlife

^aTingnan ang kasalukuyang estado ng konserbasyon sa www.cites.org at www.iucnredlist.org

Saiga tatarica - Saiga Antelopes

Saiga Antelope

Distribusyon: Khazakhstan; Mongolia; Pederasyon ng Rusya; Turkmenistan; at Uzbekistan

Mga Katangiang Pisikal: Haba ng ulo at katawan: 108 - 146cm; Haba ng buntot: 6 - 13cm; Bigat: 21 - 51kg


Estado ng Internasyunal na Konserbasyon:^a

CITES Appendix II

IUCN: CR

Nasyunal na Proteksiyon sa Pilipinas:

Republic Act 9147 (Wildlife Resources Conservation and Protection Act of 2001)



Ilustrasyon mula sa: Environment Canada

Mga Katangian sa Pagkakakilanlan ng Sungay ng Saiga:



Larawan: TRAFFIC SEA

Naiiba sa ibang mga sungay

Ang mga lalaki lamang ang may sungay at ito ay:

- Solido sa paanan
- Medyo naaaninag
- Makintab na mapusyaw na kulay kape
- Halos bilog sa cross-section
- Bahagyang nakakurba
- Sumusukat hanggang 30cm (kahabaan ng kurba)



Larawan: TRAFFIC SEA

Hanggang 30cm



Larawan: Environment Canada



Guhit: Environment Canada

Ikinakalakal bilang: Buong sungay o kinayod na sungay



Ipinagbibiling sungay ng Saiga
Larawan: TRAFFIC SEA



Larawan: TRAFFIC SEA



Kinayod na sungay ng Saiga
Larawan: Claire Beastall



Larawan: TRAFFIC SEA



Larawan: TRAFFIC SEA



Mga pakete ng mga produktong gawa sa sungay ng Saiga
Larawan: TRAFFIC SEA

Kadalasang tatak na naglalarawan sa sungay ng Saiga Antelope sa pakete ng mga produktong tradisyunal na medisina

Sungay ng Saiga Antelope

Intsik na Karakter: 羚羊角

Pinyin: Ling Yang Jiao



Multi-tined Antlers

Sanga-sangang Sungay ng Usa

Ang ibang sanga-sangang sungay ng usa ay ikinakalakal - ang itinatampok dito ay kumakatawan sa mga uring kadalasang nakikita sa kalakalan. Ito ay makikita lamang sa mga may-edad na lalaking usa. Naglalagas at tumutubo ulit ito sa regular na panahon (hindi katulad ng sungay na permanente).

Estado ng Internasyunal na Konserbasyon:^a

Iba-iba ang estado na nakalista sa CITES sa bawat species.

Nasyunal na Proteksiyon sa Pilipinas

Republic Act 9147 (Wildlife Resources Conservation and Protection Act of 2001)

Axis porcinus - Hog Deer

CITES Appendix I

IUCN: EN, *Axis porcinus annamaticus* (mula sa Viet Nam) nakalista bilang CR



3 sanga ng sungay

Hugis tinidor ang dulo

May maliit na pangatlong sanga sa paanan ng sungay na nakatuon pataas

Haba ng ulo at katawan: 140 - 150cm
Haba ng buntot: 17 - 21cm
Taas sa balikat: 65 - 72cm
Bigat: 70 - 110kg
Distribusyon: Bangladesh; Cambodia; Tsina; India; Myanmar; Nepal; Pakistan; at Thailand

Cervus nippon - Sika Deer

IUCN: LC, *Cervus nippon pseudaxis* (mula sa Viet Nam) nakalista bilang CR



Haba: tinatayang 92cm

Tikop: tinatayang 14cm

Ang mga may-edad na lalaki ay kadalasang may 5 sanga ng sungay

Haba ng ulo at katawan: 950 - 180cm
Haba ng buntot: 75 - 150cm
Taas sa balikat: 650 - 110cm
Bigat: Hanggang 80kg
Distribusyon: Tsina; Japan; Pederasyon ng Rusya; Taiwan; at Viet Nam

Rucervus (Cervus) duvaucelli - Barasingha Deer

CITES Appendix I

IUCN: EN



Kadalasan 10 - 15 sanga
Kahalintulad ng *Rucervus eldi*
Makinis ang sanga

Ag mga sanga sa dulong bahagi ay nakatuon na diretsong pataas

Haba ng ulo at katawan: hanggang 180cm
Haba ng buntot: 12 - 20cm
Taas sa balikat: 119 - 124cm
Bigat: Hanggang 81kg
Distribusyon: India at Nepal

Haba ng sanga: 75 - 108cm

Rucervus (Cervus) eldii - Eld's Deer

CITES Appendix I

IUCN: EN



Ang mga sanga ay nakatuon pataas
Magaspang ang sanga

Tikop: 12.5 - 19cm

Ang sanga sa bahagi ng kilay ay nakakurba pati rin ang pangunahing sanga

Haba ng ulo at katawan: 150 - 170cm
Haba ng buntot: 22 - 50cm
Taas sa balikat: 120 - 130cm
Bigat: 95 - 150kg
Distribusyon: Cambodia; India; Lao PDR; Myanmar; Thailand; at Viet Nam

Haba ng sanga: 85 - 117cm

Rusa (Cervus) unicolor - Sambar Deer

IUCN: VU



Ang sanga ay nakatuon pataas

Tikop: 8.5 - 24cm



Lapad


Haba ng ulo at katawan: 170 - 270cm
Haba ng buntot: 22 - 35cm
Taas sa balikat: 120 - 150cm
Bigat: 150 - 300kg
Distribusyon: Cambodia; Tsina; India; Indonesia; Lao PDR; Malaysia; Myanmar; Pilipinas; Sri Lanka; Thailand; at Viet Nam

Ang 2 taong gulang na lalaking usa ay may 1 sanga, 3 taong gulang naman ay may 2 sanga

Haba ng sanga: 38 - 108cm

Cervus timorensis - Javan Deer

IUCN: LR



Tikop: 10 - 17.8cm



Nakakurbang patuwid na pataas

Haba ng ulo at katawan: 130 - 210cm
Haba ng buntot: 10 - 30cm
Taas sa balikat: 80 - 110cm
Bigat: 50 - 115kg
Distribusyon: Indonesia

Haba ng sanga: 45 - 98cm

Ikinakalakal bilang:

Buong sanga-sangang sungay, malambot na balat ng tumutubong sungay at iba pang mga sangkap para sa tradisyunal na medisina



Larawan: TRAFFIC Southeast Asia



Larawan: TRAFFIC Southeast Asia

Larawan: TRAFFIC Southeast Asia

^aImahe mula sa: Environment Canada

^aTingnan ang kasalukuyang estado ng konserbasyon sa www.cites.org at www.iucnredlist.org

Moschus spp. - Musk Deer species

Usa

Iba pang Pangalan: Kado gaow (Myanmar)

Distribusyon: Afghanistan; Bhutan; Tsina; India; Korea (Hilaga & Timog); Lao PDR; Mongolia; Myanmar; Nepal; Pakistan; Pederasyon ng Rusya; at Viet Nam

Mga Katangiang Pisikal: Habang ulo at katawan: 70 - 100cm, Taas ng balikat: 50 - 61cm, Habang buntot: 1.8 - 6cm. Bigat: 7 - 17kg

Estado ng Internasyunal na Konserbasyon:^a

CITES Appendix I: Musk Deer mula sa Afghanistan, Bhutan, India, Myanmar, Nepal at Pakistan.

CITES Appendix II: Lahat ng Musk Deer mula sa ibang bansa maliban sa nabanggit sa Appendix I.

IUCN: iba-iba, mula **EN** hanggang **LC**, depende sa species

Nasyunal na Proteksiyon sa Pilipinas:

Republic Act 9147 (Wildlife Resources Conservation and Protection Act of 2001)



Larawan: WWF-Canon / Gerald S. CUBITT

Mga Katangian sa Pagkakakilanlan:



Larawan: WWF-Canon / Grigori MAZMANYAN

- Walang sungay.
- Ang pigi ay halos 5cm ang taas sa balikat.
- Ang katawan ay nababalot ng mahaba, makapal at makalisag na balahibo, kadalasang puti ang ugat nito.
- Kulay: iba-iba, kadalasan maitim na kulay kape na batikan, mapusyaw na kulay abo sa itaas, mas mapusyaw pa sa ibaba.
- Ang baba, baybay ng balahibo sa loob ng tainga at ang loob na bahagi ng hita ay maputi at maaaring may puting batik sa magkabilang bahagi ng lalamunan.

Ang itaas na pangil ng mga lalaking usa ay humahaba hanggang 7.5cm, mas maliit sa mga babae.



Larawan: WWF-Canon / Grigori MAZMANYAN

Ikinakalakal bilang: Musk - para sa tradisyunal na medisina - maaaring ikalakal ang buong glandula o ipinroseso na (kadalasan bilang lana, isprey, plaster na gamot at hindi naiprosesong pulbos ng musk).

Glandula na musk
Larawan: TRAFFIC



Ang Glandula na Musk:

- Makikita sa pagitan ng pusod at ari ng lalaking Musk Deer na tatlong taon pataas ang edad.
- Ang ikinakalakal ay tinatayang nasa 4 - 6cm ang haba, 3.5 - 4.5cm ang lapad at 4 - 5cm ang lalim
- Ang glandula ay kinukuha sa usa at ipinapatuyo.
- Ang katas sa loob ay nagiging mabutil (ang kulay ay parang pinaghalong pula at kape hanggang itim) at mapulbos.

Ilan sa mga pakete ng produktong galing sa Musk Deer
Larawan: TRAFFIC



Kadalasang tatak na ginagamit sa paglarawan ng Musk Deer sa pakete ng mga produktong tradisyunal na medisina

	Musk Deer	Musk
Intsik na Karakter:	鹿麝	麝香
Pinyin:	She	Moschus, Cervi
Roman:	She Xiang	Moschus

^aTingnan ang kasalukuyang estado ng konserbasyon sa www.cites.org at www.iucnredlist.org

Felidae (1) - Cats

Pamilya ng Pusa

Mga Katangiang Pisikal:

Haba ng ulo at katawan: iba-iba, 37 - 280cm
 Haba ng buntot: 5.1 - 110cm
 Bigat: 1.5 - 306kg

Estado ng Internasyunal na Konserbasyon:^a

Lahat ng pusa (maliban sa alagang pusa) ay nakalista sa **CITES APPENDIX I o II**

Nasyunal na Proteksiyon sa Pilipinas:

Republic Act 9147(Wildlife Resources Conservation and Protection Act of 2001)



Kuting ng Singarong
 Larawan: WWF-Canon / Alain COMPOST

Mga Katangian sa Pagkakakilanlan:



Leopard
 Larawan: WWF-Canon / Martin HARVEY

Ulo: Pabilog at maiksi
 Katawan: Magaan, matipuno, siksik, at malalim ang dibdid
 Suso (mga utong): 2 - 4
 Paa: Harapan - 5 daliri; Likuran- 4 daliri. Walang balahibo ang talampakan.



Kuko ng alagang pusa
 Larawan: Claire Beastall

Kuko: Angkop sa paghiwa

Dila: Angkop sa paghiwa



Tigre
 Larawan: Chris Shepherd/TSEA




Asian Golden Cat
 Larawan: WWF-Canon / Gerald S. CUBITT

Tainga: Maaaring patulis o pabilog
 Mga mata: Ang alikmata ay lumiliit o lumalaki ng pabertikal




Pusang Gubat
 Larawan: WWF-Canon / Roger HOOPER

Bungo:



Bungo ng Tigre (*Panthera tigris*)
 Larawan: Chris Shepherd/TSEA

Bungo ng Felidae (Pamilya ng mga Pusa)
 - Pabilog at maiksi
 - 28 - 30 ngipin



Bungo ng Canidae (Pamilya ng mga Aso)
 - Pahaba
 - 42 ngipin


Bungo ng Ursidae (Pamilya ng Binturong)
 - Malaki
 - 40 - 42 ngipin

Bungo ng Civet (Pamilya ng mga Musang o Pasla)
 - Mahaba at patag
 - 32 - 40 ngipin

Imahe mula sa: Tim Lawlor

Bungo ng Mustelidae (Pamilya ng Dungon)
 - Matibay na may maiksing mukha
 - 28 - 38 ngipin

Ngipin:



- a) Ngipin sa Harap (Incisors): Maliit at magkahanay (Itaas: 3; Ibaba: 3) x 2
- b) Pangil (Canine): Mahaba, matalim, bahagyang nakakurba (Itaas: 1; Ibaba: 1) x 2
- c) Ngiping Panghiwa (carnassial/pre-molar): Malaki (Itaas: 2 - 3; Ibaba: 2) x 2
- d) Ngiping Pandurog (molar): Itaas - maliit (Itaas: 1; Ibaba: 1) x 2

Imahe mula sa: Tim Lawlor

Ikinakalakal bilang:

Balat, buto, ngipin, at kuko na mga sangkap para sa paggawa ng tradisyunal na gamot; buhay na hayop

^aTingnan ang kasalukuyang estado ng konserbasyon sa www.cites.org at www.iucnredlist.org

Felidae (2) - Cats of Southeast Asia listed under CITES Appendix I

Pamilya ng Pusa ng Timog-Silangang Asya na nakalista sa **CITES Appendix I**

Lahat ng pusa (maliban sa pusang bahay at yung mga nakalista sa Appendix I) ay nakalista sa **CITES Appendix II**

Nasyunal na Proteksyon sa Pilipinas:

Republic Act 9147 (Wildlife Resources Conservation and Protection Act of 2001)



Larawan: Chris Shepherd/TSEA

Panthera tigris - Tigre



Larawan: WWF-Canon / Mike

Haba ng ulo at katawan: 140 - 180cm,
Haba ng buntot: 60 - 95cm
Bigat: 180 - 245kg



Larawan: Julia Ng/TSEA



Panthera pardus - Leopard



Larawan: WWF-Canon / Gerald S. CUBITT

Haba ng ulo at katawan: 91 - 191cm,
Haba ng buntot: 45 - 78cm
Bigat: 45 - 65kg
May mga natatagpuang leopard na may itim na balahibo sa ibang lugar - (ang batik ay makikita sa aninag ng araw).



Larawan: TSEA



Larawan: WWF-Canon / Martin HARVEY

Uncia uncia - Snow Leopard



Larawan: WWF-Canon / Martin HARVEY

Haba ng ulo at katawan: 100 - 130cm,
Haba ng buntot: 80 - 100cm
Bigat: 30 - 55kg

Ang balahibo ay mas mahaba kaysa sa ibang species ng pusa sa Timog-Silangang Asya, makapal sa bahagi ng tyan.



Larawan: Chris Shepherd/TSEA



Neofelis nebulosa - Clouded Leopard



Larawan: WWF-Canon / Gerald S. CUBITT

Haba ng ulo at katawan: 61 - 106cm,
Haba ng buntot: 55 - 91cm
Bigat: 15 - 23kg



Larawan: Chris Shepherd/TSEA



Larawan: WWF-Canon / Gerald S. CUBITT

Catopuma temminckii - Asian Golden Cat



Larawan: WWF-Canon / Gerald S. CUBITT

- Mas ordinaryo ang kulay ng balahibo.
- Iba-iba ang kulay ng balahibo (kulay ginto-kape hanggang mapusyaw na kulay kape hanggang kulay abo hanggang itim).
- Kadalasan mas maitim sa kahabaan ng likod at mapusyaw sa tiyan.
- Ang itaas na bahagi ng buntot ay mas maitim, mapusyaw sa ilalim, kadalasan maitim ang dulo.

Tandaan: Ang ibang pusa mula sa Myanmar ay maaaring may mas malapad na itim na batik at mga guhit. Ang mukha at buntot kapahero ng karaniwang anyo nito.

Haba ng ulo at katawan: 76 - 84cm,
Haba ng buntot: 43 - 50cm
Bigat: 12 - 15kg

Pardofelis marmorata - Marbled Cat



Larawan: WWF-Malaysia / Ken SCRIVEN

- Sobrang kapal ng balahibo.
- Kahalintulad ng *Neofelis nebulosa* ngunit mas maliit, maraming itim na batik sa paa.

Haba ng ulo at katawan: 45 - 53cm,
Haba ng buntot: 47 - 55cm
Bigat: 2 - 4kg

Prionailurus planiceps - Flat-headed Cat



Larawan: Claire Beastall

- Maliit ang tainga, mahaba at patag ang tuktok ng ulo.
- Ang kulay ay maringkad na pula. Ang balahibo sa likuran (upperparts) ay kulay kape na may pinong kulay abo at mapusyaw na kulay katad na batik-batik.

Haba ng ulo at katawan: 44 - 50cm,
Haba ng buntot: 13 - 17cm
Bigat: 1.5 - 2.2kg

Prionailurus bengalensis - Leopard Cat



Larawan: WWF-Malaysia / E.P. Gee

Haba ng ulo at katawan: 40 - 55cm,
Haba ng buntot: 23 - 29cm
Bigat: 3 - 5kg

- Kulay pula-kahel o dilaw na may itim na batik sa buong likuran (upperparts) pati sa buntot. Ang tiyan (underparts) ay puti na may itim na batik.
- Kahalintulad ng, ngunit mas maliit sa *Prionailurus viverrinus* - Fishing Cat (Haba ng ulo at katawan: 72 - 78cm).

Tandaan: Ang mga populasyon lamang sa Bangladesh, India at Thailand ay CITES I. Lahat ng ibang populasyon ay CITES II.

Felidae (3) - Cat Parts and Derivatives

Pamilya ng Pusa - Mga bahagi at deribatibong kadalasang makikita sa kalakal

Ikinakalakal bilang: Buto, ngipin, kuko, mga sangkap sa tradisyunal na medicina. (Para sa mga detalye sa pagkakakilanlan ng balat, sumangguni sa pulyeto ukol sa CITES I Southeast Asian Cat Species).

Estado ng Internasyunal na Konserbasyon:^a
Lahat ng mga Pusa (maliban sa alagang pusa at mga nakalista sa Appendix I) ay nakalista sa **CITES Appendix II**

Nasyunal na Proteksiyon sa Pilipinas:
Republic Act 9147 (Wildlife Resources Conservation and Protection Act of 2001)



Kuting ng Singgarong
Larawan: WWF-Canon / Alain COMPOST

Mga Buto:

Bilang buong buto...



Bungo ng Tigre (*Panthera tigris*)
Larawan: Chris Shepherd/TSEA




Nasabat na mga buto ng Tigre
Larawan: Chris Shepherd/TSEA

...o bilang sangkap sa tradisyunal na medicina.

Kadalasang tatak na ginagamit sa paglalarawan ng buto ng Tigre at Leopard sa pakete ng mga produktong tradisyunal na medicina

Halimbawa ng pakete ng mga produktong may buto ng Tigre
Larawan: TRAFFIC



Intsik na Karakter: Pinyin:


Buto ng Tigre 虎骨 Hu Gu

Buto ng Leopard 豹骨 Bao Gu

Ngipin:

TUNAY NA NGIPIN NG TIGRE

May 1 o maraming uka



Pangil (Ngiping Canine) ay nagkakalamat kapag tuyo

Tunay at pekeng ngipin ng Tigre
Larawan: Chris Shepherd/TSEA



Ang ngipin ay maaaring lilok
Larawan: Chris Shepherd/TSEA

PEKENG NGIPIN NG TIGRE

Putong (bahagi ng ngipin na nakikita sa baba)



Ugat (Bahaging nakabaon sa gilagid)



Ang balat ay tunay, ang ngipin ay peke. Ang tunay na ngipin ay maaaring ipinagbili ng hiwalay
Larawan: Chris Shepherd/TSEA

Mga Kuko:

- Halos pabilog
- Medyo naaaninag
- Mapusyaw na dilaw/ mamula-mulang ginto ang kulay
- May hayag na anyo sa mabutong dulo (planar process)



Larawan: USFWS Photo

May hayag na anyo sa mabutong dulo nito (planar process)

Ari:

Ang ari ng Tigre ay peke kung ito ay...

1. May kapansin-pansing tinik-tinik sa dulo
2. May malaking buto na makikita sa X-ray
3. Mas mahaba pa sa 20cm



Ari ng Tigre
Larawan: C. Beasall

Ang mga tinik-tinik na ito ay hindi mapapansin sa tunay na ari ng tigre



Ari ng bagong katay na Leopard
Larawan: Chris Shepherd/TSEA

Pekeng ari ng Tigre
Larawan: Leong/TSEA



Southeast Asian Otters

Mga Dungon sa Timog-Silangang Asya

Iba pang

Pangalan: Pangkat-pangkat (Pilipinas); Memerang (Malaysia)

Mga Katangiang Pisikal: Kulay kape na may mapusyaw na lalamunan, makapal na balahibo, mahaba at balingkinitan na katawan, magkakadikit na paa kagaya ng sa bibe, mahaba at matipuno na buntot
Mga Otter sa Timog-Silangang Asya- Habang ng ulo at katawan: 36 - 80cm, Habang ng buntot: 22.5 - 48cm

Estado ng Internasyunal na Konserbasyon:^α
Lahat ng Lutrinae spp. ay nakalista sa CITES Appendix II, maliban sa *Lutra lutra* na nakalista sa CITES Appendix I

Nasyunal na Proteksiyon sa Pilipinas:
Republic Act 9147 (Wildlife Resources Conservation and Protection Act of 2001)



Lutra perspicillata (Smooth Otter)
Larawan: Claire Beasall

Mga Katangian sa Pagkakakilanlan:

Aonyx cinerea
Asian Small-clawed Otter
CITES Appendix II
IUCN: VU

Habang ng ulo at katawan: 36 - 55cm,
Habang ng buntot: 25 - 35cm

- Maliit
- Maitim na kulay kape hanggang abuhing na kulay kape
- Mapusyaw ang kulay ng balahibo sa lalamunan at gilid ng leeg
- Maiiksi ang mga kuko, hindi lumalampas sa talampakan nito



Larawan: Gerald S CUTBITT/WWF-Canon

Distribusyon: Asya - sa Timog-Silangang Asya: Brunei Darussalam; Cambodia; Indonesia; Lao PDR; Malaysia; Myanmar; Pilipinas; Singapore; Thailand; at Viet Nam

Lutra sumatrana
Hairy-nosed Otter
CITES Appendix II
IUCN: EN

Habang ng ulo at katawan: 50 - 80cm
Habang ng buntot: 37 - 50cm

- Ang likuran at tagiliran ng leeg ay maitim na kulay kape
- May iregular na patse sa baba at lalamunan
- Bilog ang buntot kung titingnan sa cross section
- May balahibo hanggang dulo ng ilong



Larawan: Annette Olsson/CI Cambodia

Distribusyon: Cambodia; Malaysia; Thailand; at Viet Nam

Lutra lutra
Eurasian Otter
CITES Appendix II
IUCN: NT

Habang ng ulo at katawan: 55 - 72cm
Habang ng buntot: 37.5 - 48cm

- Hugis-"W" ang pagitan ng balahibo sa mukha at ilong
- Maiiksi ang balahibo na may iilang mahahabang balahibong mapusyaw ang kulay na nagbibigay ng abuhing kulay
- Ang dulo ng buntot ay bilog kapag titingnan sa cross section



Larawan: Sanchez at Lopez/WWF-Canon

Distribusyon: Europa at Asya.
Sa Timog-silangang Asya: Cambodia; Indonesia; Lao PDR; Myanmar; Thailand; at Viet Nam

Lutra perspicillata
Smooth-coated Otter
CITES Appendix II
IUCN: VU

Habang ng ulo at katawan: 65 - 75cm
Habang ng buntot: 40 - 45cm

- Ang balahibo ay makinis at makintab
- Mapusyaw ang kulay ng balahibo sa lalamunan at gilid ng leeg
- Tuwid ang pagitan ng balahibo sa mukha at ilong nito
- Ang buntot ay medyo patag kapag titingnan sa cross section.



Larawan: Claire Beasall

Distribusyon: Bangladesh; Bhutan; Brunei Darussalam; Cambodia; Tsina; India; Indonesia; Iraq; Lao PDR; Malaysia; Myanmar; Nepal; Pakistan; Thailand; at Viet Nam

Ikinakalakal bilang:

Balat, at buhay na otter para sa kalakalan ng alagang hayop



Balat ng Otter - kanan: *Lutra sumatrana* (Hairy-nosed Otter), kaliwa: *Lutra perspicillata* (Smooth Otter)
Larawan: Annette Olsson/CI Cambodia

Kahalintulad ng:

***Cynogale benettii* - Otter Civet**

CITES Appendix II
IUCN: EN

- Maitim na kulay kape ang buong katawan
- Maiksi ang buntot
- May mapusyaw na bahid sa itaas ng bawat mata
- Puti ang labi, mahaba ang puting balbas



Larawan: WWF_PHKA_VATech

Habang ng ulo at katawan: 57.5 - 68cm,
Habang ng buntot: 12 - 20.5cm

Distribusyon: Brunei Darussalam; Indonesia; Malaysia; Thailand. Hindi pa kumpirmado ang populasyon sa Tsina; Singapore; at Viet Nam

^αTingnan ang kasalukuyang estado ng konserbasyon sa www.cites.org at www.iucnredlist.org

Helarctos malayanus - Sun Bear

Oso

Iba pang Pangalan: Malay weh wan (Myanmar)

Distribusyon: Bangladesh; Brunei Darussalam; Cambodia; Tsina; India; Indonesia (Sumatra at Kalimantan); Lao PDR; Malaysia; Myanmar; Thailand; at Viet Nam

Mga Katangiang Pisikal: Habang ng ulo at katawan: 100 - 140cm, Habang ng buntot: 3 - 7cm

Estado ng Internasyunal na Konserbasyon:^α

CITES APPENDIX I

IUCN: VU

Nasyunal na Proteksiyon sa Pilipinas:

Republic Act 9147 (wildlife Resources Conservation and Protection Act of 2001)



Larawan: Gabriella Fredriksson

Mga Katangiang sa Pagkakakilanlan:

Kahalintulad ng: **Asiatic Black Bear - *Ursus thibetanus***
CITES APPENDIX I

Habang ng ulo at katawan: 120 - 150cm
Habang ng buntot: 6 - 10cm


Ikinakalakal bilang: Buhay na hayop, stuffed na hayop, karne, kuko, paa, ngipin, balat at apdo.



Mga paa ng Sun Bear
Larawan: Chris Shepherd/TSEA



Paa ng Sun Bear
Larawan: Klote



Asiatic Black Bear

Sun Bear



Apdo ng Sun Bear
Larawan: Mei Hsiu Hwang

Karaniwang tatak na naglalarawan ng Sun Bear
Intsik na Karakter: 熊胆
Pinyin: Xiong Dan

Mga Paa ng Oso at ibang parte na pinagkukunan ng langis
Larawan: Chris Shepherd/TSEA



Kuko ng Sun Bear
Larawan: Mei Hsiu Hwang



Stuffed na Sun Bear
Larawan: Chris Shepherd/TSEA

© TRAFFIC Southeast Asia 2008

^α Imah mula sa: Environment Canada

^α Tingnan ang kasalukuyang estado ng konserbasyon sa www.cites.org at www.iucnredlist.org

Ursus thibetanus - Asiatic Black Bear

Oso

Iba pang Pangalan: Weh wan gyi (Myanmar)

Distribusyon: Afghanistan; Bangladesh; Bhutan; Cambodia; China; India; Iran; Japan; Korea; Lao PDR; Myanmar; Nepal; Pakistan; Pederasyon ng Rusya; Taiwan; Thailand; at Viet Nam

Mga Katangiang Pisikal: Habang ulo at katawan: 120 - 150cm, Habang buntot: 6 - 10cm

Estado ng Internasyunal na Konserbasyon:^α

CITES APPENDIX I

IUCN: VU (CR para sa subspecies na makikita sa Iran at Pakistan)

Nasyunal na Proteksiyon sa Pilipinas:

Republic Act 9147 (Wildlife Resources Conservation and Protection Act of 2001)



Larawan: Claire Beastall

Mga Katangian sa Pagkakakilanlan:




Marka sa dibdib*



Paa sa harapan*



Paa sa likuran*



Kuko sa harapang paa*




Kuko sa likurang paa*

Kahalintulad ng:

Helarctos malayanus - Sun Bear

CITES APPENDIX I




Marka sa dibdib*



Paa sa harapan*



Paa sa likuran*



Kuko sa harapang paa*



Kuko sa likurang paa*

Habang ulo at katawan: 100 - 140cm,
Habang buntot: 3 - 7cm

* Imaheng mula sa: Environment Canada

Ikinakalakal bilang: Buhay na hayop, karne, mga kuko, mga paa, ngipin, balat, at apdo.



Mga paa ng Oso at apdo nito
Larawan: Chris Shepherd/TSEA



Paa ng Asiatic Black Bear

Paa ng Sun Bear

Mga paa ng Oso at iba pang mga bahagi ng katawan na pinanggagalingan ng langis
Larawan: Chris Shepherd/TSEA



Apdo ng Oso
Larawan: Chris Shepherd/TSEA

Karaniwang tatak na ginagamit sa paglalarawan ng apdo ng oso

Intsik na Karakter: 熊胆
Pinyin: Xiong Dan



Pagtanggal ng apdo sa batang Oso
Larawan: Chris Shepherd/TSEA

^αTingnan ang kasalukuyang estado ng konserbasyon sa www.cites.org at www.iucnredlist.org

Hemigalus derbyanus - Banded Palm Civet & Chrotogale owstoni - Owston's Civet

Banded Palm Civet

Iba pang Pangalan: Musang belang (Malaysia), Musang (Pilipinas)

Distribusyon: Brunei Darussalam (?); Indonesia (Kalimantan, Sumatra); Malaysia, Myanmar; at Thailand

Mga Katangiang

Pisikal: Haba ng ulo at katawan: 45 - 56cm,
Haba ng buntot: 25 - 36cm

Owston's Civet

Iba pang Pangalan: Cây vằn (Viet Nam), Musang (Pilipinas)

Distribusyon: Cambodia (?); Tsina; Lao PDR; at Viet Nam

Mga Katangiang

Pisikal: Haba ng ulo at katawan: 51 - 63cm,
Haba ng buntot: 38 - 48cm

Nasyunal na Proteksiyon sa Pilipinas:

Republic Act 9147 (Wildlife Resources Conservation and Protection Act of 2001)

Mga Katangian sa Pagkakakilanlan:

Hemigalus derbyanus - Banded Palm Civet

CITES Appendix II

IUCN: VU

- Ang kulay ng balahibo sa katawan ay mapusyaw na katad hanggang ginintuang kulay kape, mas mapusyaw ang kulay ng tiyan at leeg
- Katangi-tangi ang kulay kape o itim na mga linya sa likod
- May maitim na pahabang guhit sa leeg at mukha
- Ang buntot ay halos maitim na kulay kape, na may mga malalapad na guhit sa paanan ng buntot nito



Larawan: Chan Ah Lak

Chrotogale owstoni - Owston's Palm Civet

Hindi nakalista sa CITES

IUCN: VU

- Hindi magkatulad ang kulay ng katawan, mula abuhing puti hanggang kulay katad-kape, mas mapusyaw ang kulay ng tiyan at leeg
- May malapad na itim na guhit sa kahabaan ng likod
- May mga guhit sa leeg at mukha
- Ang padron ay hindi magkatulad sa bawat individual
- Ang paanan ng buntot ay may malapad na linya, maitim ang dulo



Larawan: Scott Robertson

May maitim na bilog-bilog sa tagiliran ng leeg at mga paa.

Ikinakalakal bilang:

Buhay na hayop, balat o stuffed bilang souvenir



Larawan: Barney Long/FFI Vietnam

Prionodon pardicolor - Spotted Linsang & Prionodon linsang - Banded Linsang

Spotted Linsang

Iba pang Pangalan: Cây gấm (Viet Nam)

Distribusyon: Cambodia; Tsina; India; Lao PDR; Myanmar; Nepal; Thailand; at Viet Nam

Mga Katangiang Pisikal: Haba ng Ulo at Katawan: 35 - 37cm, Haba ng Buntot: 31 - 34cm

Banded Linsang

Iba pang Pangalan: Linsang (Malaysia)

Distribusyon: Brunei Darussalam; Indonesia; Malaysia; Myanmar; at Thailand

Mga Katangiang Pisikal: Haba ng Ulo at Katawan: 35 - 45cm, Haba ng Buntot: 30 - 42cm

Nasyunal na Proteksiyon sa Pilipinas:

Republic Act 9147 (Wildlife Resources Conservation and Protection Act of 2001)

Ikinakalakal bilang: Balat at bilang stuffed na hayop para gawingsouvenir

Mga Katangian sa Pagkakakilanlan:

Prionodon pardicolor - Spotted Linsang

CITES Appendix I

IUCN: LC

- Maputi hanggang mapusyaw na kulay kape hanggang kulay kahel o katad
- Maraming iregular na malalaking itim na batik sa likod at tagiliran ng katawan
- May maitim na guhit sa gilid ng leeg
- Ang mga batik ay magkakahiwalay



Larawan: Barney Long/WWF

8 o 9 maitim at malapad na guhit paikot sa buntot

Batik sa likod at tagiliran ng katawan

Prionodon linsang - Banded Linsang

CITES Appendix II

IUCN: LC

- Maputi hanggang kulay ginto o katad ang kulay
- May padron ng malalaking kulay kapeng batik na nag-uugnay sa 5 maitim na malalapad at pahalang na guhit sa likuran nito at pahabang malapad na guhit naman sa tagiliran ng leeg
- May 7 itim at mapusyaw na malapad na guhit paikot sa buntot



Larawan: Sergio Baffoni

Malalaking batik na magkakalapit at nag-uugnay sa 5 maitim at malalapad na guhit

7 maitim at malapad na guhit paikot sa buntot

Arctictis binturong - Binturong

Binturong

Iba pang Pangalan: Bear Cat (English)

Distribusyon: Bangladesh; Bhutan; Brunei Darussalam; Cambodia; Tsina; India; Indonesia; Lao PDR; Malaysia; Myanmar; Nepal; Pilipinas; Thailand; at Viet Nam

Mga Katangiang Pisikal: Haba ng Ulo at Katawan: 65 - 95cm, Haba ng Buntot: 50 - 80cm
Bigat/Timbang: 6 - 9kg

Estado ng Internasyunal na Konserbasyon:^α

Nakalista bilang CITES Appendix III sa India

IUCN: VU

Nasyunal na Proteksiyon sa Pilipinas: Republic Act 9147 (Wildlife Resources Conservation and Protection Act of 2001)



Larawan: David Lawson/WWF-Canon

Mga Katangian sa Pagkakakilanlan:

- Mahaba at magaspang ang itim na balahibo na may iilang puti o pulang balahibo
- Mas mapusyaw ang kulay ng balahibo sa ulo, kung kaya't mas mapusyaw ito kaysa sa kulay ng katawan



Larawan: Claire Beasall

Ang buntot ay pumupulpot (maaaring pumulupot sa mga bagay)

Mahaba ang buntot at makapal ang balahibo, lalo na sa puwitang bahagi



Larawan: Claire Beasall

Mabilog ang tenga, puti ang mahabang balahibong matatagpuan sa gilid nito

Ikinakalakal bilang:

Balat at buhay na hayop para sa kalakalan ng alagang hayop



Larawan: TRAFFIC Southeast Asia

Rhinocerotidae spp. - Rhinoceros

Rhinoceros

Iba pang Pangalan: Badak (Malaysia)

Distribusyon: **Tatlong species ay matatagpuan sa Asya:**
